



COVID-19 Fact sheet para sa mga Proteksyon ng Umuupa



ANG MGA PROTEKSYON SA PAGPAPA-ALIS SA LUNGSOD NG LOS ANGELES AY TUMUTUKOY SA LAHAT NG MGA INUUPAHANG YUNIT SA LOOB NG LUNGSOD NG LOS ANGELES.

ANG PAGPATIGIL NG PAGTAAS NG RENTA AY TUMUTUKOY LAMANG SA MGA INUUPAHANG YUNIT NA SAKOP NG RENT STABILIZATION ORDINANCE (RSO) NG LUNGSOD.

PARA MALAMAN KUNG ANG IYONG INUUPAHANG YUNIT AY SAKOP NG RSO: TEXT "RSO" TO (855) 880-7368.

BUOD NG MGA PROTEKSYON PARA SA MGA NAGUNGUPAHAN NG TIRAHAN

HINDI PAGBABAYAD NG UPA DAHIL SA COVID-19 - Simula Marso 4, 2020, hanggang sa katapusan ng lokal na emergency, walang maylupa ang maaaring magpa-alis ng mga umuupa dahil sa hindi pagbabayad ng renta kung ang umuupa ay hindi kayang bayaran ito dahil sa mga kaganapan na sanhi ng COVID-19, tulad ng:

- Kawalan ng kita dahil sa pagsasara ng pinagtatrabahuhan o mas pinababang oras
- Kawalan ng kita o pagtaas ng gastos sa pag-aalaga ng bata dahil sarado ang mga paaralan at daycare
- Medikal na gastos para sayo o sa miyembro ng pamilya na may sakit na COVID-19.
- Kawalan ng kita dahil sa mga kautusan ng gobyerno para sa mga hakbang pang-emergency.

Dapat ipaalam ng umuupa sa may-ari ng lupa sa paraang pagsulat nang hindi tatagal ng 7 araw pagkatapos ng nakatakdang petsa na hindi nila kayang magbayad ng renta dahil sa COVID-19. Dapat itago ng umuupa ang lahat ng mga dokumento na nagpapakita ng dahilan kung bakit hindi nito kayang magbayad dahil sa COVID-19.

ANG ORDINANSANG LUNGSOD AY HINDI PINAPAHUPA ANG OBLIGASYON NG MGA UMUUPA PARA MAGBAYAD NG KANILANG RENTA. MAYROONG 12 BUWAN ANG MGA UMUUPA BAGO MAGTAPOS ANG LOKAL NA EMERGENCY PARA MAGBAYAD MULI NG UPA. MAAARING HINDI MAGPATONG ANG MAYLUPA NG INTERES O NG LATE FEE SA HALAGA NG UPA O MAAARING HILINGIN NG MAYLUPA SA MGA UMUUPA NA GAMITIN ANG KANILANG STIMULUS MONEY PARA UMUPA PA.

MGA PROTEKSYON SA PAGPAPAALIS – Ang umuupa ay maaaring hindi mapalayas dahil sa dahilang “No-fault” sa panahon ng lokal na emergency (halimbawa, para sa pagpasok ng may-ari o para i-install ang resident manager). Additionally, ang umuupa ay maaaring hindi mapalayas dahil sa pagkakaroon ng hindi awtorisadong nakatira, alagang hayop o gulo bilang resulta ng mga sirkumstansya na may kinalaman sa COVID-19. Ang mga tenancies ay hindi maaaring wakasan ang kanilang paninirahan upang buwagin, i-convert o mag-alis ng isang yunit ng tirahan mula sa pag-upa sa pabahay sa ilalim ng Ellis Act hanggang 60 araw pagkatapos ng pag-alis ng deklarasyon ng emergency sa lungsod.

BAWAL ANG PAGPAPATAAS NG UPA SA MGA ARI-ARIAN NA SAKOP SA RSO - Walang pagpapataas ng upa ang naging epektibo noon o pagkatapos ng Marso 30, 2020, ang pinayagan para sa mag ari-arian sa sakop ng RSO, mailbang kung aprubado ng HCIDLA hanggang 1 taon pagkatapos mawakasan ang lokal na emergency. Ang pagtaas ng upa ay hindi dapat maipon sa loob ng isang (1) taon.

MGA OPSYON NG PAGBABAYAD - Bago wakasan ang lokal na emergency sa loob ng 90 araw ng unang nalagpasang bayad sa upa, alinman ang nauna, ang maylupa at umuupa ay maaaring (ngunit hindi kailangan) magkasundo sa isang plano para sa pagbabayad ng hindi nabayaran upa. Ang pagbabayad ay maaaring pahabain sa pamamagitan ng pinagkasunduan ng maylupa at umuupa. Ang maylupa ay maaaring magboluntaryong pahabain ang diskwento sa umuupa sa panahon ng emergency. Ang City's Housing + Community Investment Department (HCIDLA) ay iminungkahi ang mga sumusunod na opsyon:

- Magbayad ang umuupa buwan-buwan: (\$Utang) hinati sa 12 buwanang pagbayad.
Halimbawa: (ang \$2,000 nakaraang dapat bayarang upa/12 beses na pagbayad = \$166.67 buwanang pagbabayad).
- Magbayad ang umuupa tuwing dalawang linggo: (\$Utang) hinati sa 26 dalawang-linggong pagbayad.
Halimbawa: (\$2,000 nakaraang dapat bayarang upa/26 beses na pagbayad = \$76.92 bi-weekly payment).
- Magbayad ang umuupa linggo-linggo: (\$Utang) hinati sa 52 lingguhang pagbabayad.
Halimbawa: (\$2,000 nakaraang dapat bayarang upa/52 beses na pagbabayad = \$38.46 lingguhang pagbabayad).

TULONG SA MGA UMUUPA - Maaaring tumingin ng impormasyon at tulong ang mga umuupa mula sa HCIDLA sa pamamagitan ng pagtawag sa 866-557-RENT o 866-557-7368, Lunes - Biyernes, sa pagitan ng mga oras na 8:30 AM hanggang 4:30 PM, o sa pamamagitan ng pag-aapila ng reklamo sa online: hcidla.lacity.org/File-a-Complaint.



**PAGBIBIGAY-ALAM NG NANGUNGUPAHAN SA MAY-ARI NG LUPA SA KAWALAN NG KAKAYAHANG MAGBAYAD
NG UPA DAHIL SA EMERGENCY NG COVID-19**

Petsa: _____

RE: Address ng Propyedad: _____

Dear _____,

Sa Marso 4, 2020, ang lungsod ng Los Angeles ay nagdeklara ng local na emergency dahil pandemya na COVID-19 at bilang pagtugon, ay ipinagtibay ang Los Angeles Municipal Code 49.99 et seq. na nagbibigay ng proteksyon sa pagpapa-alis sa mga nangungupahan ba hindi makabayad ng upa dahil sa mga pangyayari na may kinalaman sa pandemyang COVID-19.

Ako ay sumusulat upang magbigay abiso na ako ay walang kakayahan na magbayad ng upa sa buwan ng _____ dahil ako ay naapektuhan ng pandemyang COVID-19.

Ako ay naapektuha ng COVID-19 sa mga sumusunod na pangyayari (i-tsek sa mga sumusunod):

Ako ay nagdanas ng kawalan ng kita dahil kinailangan kong magbayad ng mga gastusin pangkalusugan na may kinalaman sa mga karamdamang COVID-19.

Ako ay nagdanas ng kawalan ng kita dahil sa pagsasara ng pinagtatrabahuhan dahil sa COVID-19.

Ako ay nagdanas ng kawalan ng kita dahil tumaas ang mga gastusin ko sa pag-aalaga ng bata dahil sa pagsasara ng paaralan at/o hindi ako makapunta sa trabaho dahil sa pagsasara ng mga paaralan.

Ako ay nagdanas ng kawalan ng kita dahil sa mga paraan sa utos ng gobyerno dahil sa COVID-19.

Iba pa: _____

Naiintindihan ko na ang upa ay ipinagliliban lamang at **dapat kong bayaran lahat ng mga nakaraang dapat bayaran sa loob ng 12 buwan pagkatapos ng lokal na emergency** maliban kung ako ay mas maagang nagboluntaryo upang magsimulang magbayad. Sa pamamagitan ng Ordinansa ng Lungsod, ako ay hindi kinakailangang lumagda ng plano sa pagbabayad.

Taos-puso,

PANGALAN NG (MGA) NANGUNGUPAHAN:

PERMA NG (MGA) NANGUNGUPAHAN:
